# Mga Turo sa Makabagong Panahon na Nauugnay sa Bandila ng Kalayaan

## “Sa alaala ng ating Diyos”

Itinuro ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol:




Marami sa mundo ang walang gaanong alam tungkol kay Jesucristo, at sa ilang lugar sa mundo kung saan naipahayag ang Kanyang pangalan sa loob ng maraming siglo, nababawasan ang pananampalataya kay Jesucristo. . . .

Habang nababawasan ang pagbanggit ng mundo kay Jesucristo, lalo pa natin Siyang banggitin. Kapag nalantad ang ating mga tunay na katangian bilang Kanyang mga disipulo, marami sa ating paligid ang magiging handang makinig. (Neil L. Andersen, “Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo,” *Liahona*, Nob. 2020, 88, 90)

## “Sa alaala . . . ng ating relihiyon”

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



Kung hindi na natin pinahahalagahan ang ating mga simbahan sa anumang kadahilanan, inilalagay natin sa panganib ang ating sariling espirituwal na buhay, at ang malaking bilang ng mga tao na inihihiwalay ang kanilang sarili sa Diyos ay nakababawas ng Kanyang mga pagpapala sa ating mga bansa.

Ang pagdalo at aktibidad sa simbahan ay tumutulong sa atin na maging mas mabubuting tao at mabubuting impluwensya sa buhay ng iba. Sa simbahan itinuturo sa atin kung paano ipamumuhay ang mga espirituwal na alituntunin. Natututo tayo sa isa’t isa. . . .

. . . Dalangin ko na maging matatag tayong lahat sa mga karanasang ito sa Simbahan habang sinisikap nating matamo ang buhay na walang hanggan, na siyang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos. (Dallin H. Oaks, “Ang Pangangailangan para sa Isang Simbahan,” *Liahona*, Nob. 2021, 24, 26)

## “Sa alaala ng ating . . . kalayaan”

Itinuro ni Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Ano ang kalayaang pangrelihiyon?

Ito ay kalayaang sumamba sa anumang paraan: kalayaang magtipon, kalayaang magsalita, kalayaang kumilos ayon sa personal na mga paniniwala, at kalayaang gawin din iyon ng iba. Ang kalayaang pangrelihiyon ay nagtutulot sa bawat isa sa atin na magpasiya para sa ating sarili kung ano ang ating paniniwalaan, kung paano tayo namumuhay at kumikilos ayon sa ating pananampalataya, at kung ano ang inaasahan ng Diyos sa atin. . . .

Inaanyayahan ko kayong ipaglaban ang layunin ng kalayaang pangrelihiyon. Ito ay pagpapamalas ng alituntunin ng kalayaang pumili na ibinigay ng Diyos.

Ang kalayaang pangrelihiyon ay bumabalanse sa mga nagtutunggaliang pilosopiya. Ang kabutihan ng relihiyon, ang nasasaklaw nito, at ang araw-araw na pagpapakita ng pagmamahal na binibigyang-inspirasyon ng relihiyon ay lalawak lamang kung pinoprotektahan natin ang kalayaang magpahayag at kumilos ayon sa mahahalagang paniniwala. (Ronald A. Rasband, “Upang Pagalingin ang Mundo,” *Liahona*, Mayo 2022, 91, 93)

## “Sa alaala ng . . . ating kapayapaan”

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Inuutusan tayo ng Manggagamot ng lahat ng sugat, Siya na nagtatama sa bawat pagkakamali, na maglingkod na kasama Niya sa mahirap na tungkulin na payapain ang isang mundong puno ng kaguluhan. . . .

. . . Hinihiling ko na maging tagapamayapa kayo—na mahalin ang kapayapaan, hangarin ang kapayapaan, lumikha ng kapayapaan, pahalagahan ang kapayapaan. Isinasamo ko iyan sa pangalan ng Prinsipe ng Kapayapaan. (Jeffrey R. Holland, “Ang Ministeryo ng Pakikipagkasundo,” *Liahona*, Nob. 2018, 79)

## “Sa alaala ng . . .ating mga [pamilya]”

Itinuro ni Sister Bonnie L. Oscarson, dating Young Women General President:



Lahat ng tao, anuman ang sitwasyon nilang mag-asawa o ilan man ang anak nila, ay maaaring maging tagapagtanggol ng plano ng Panginoon na inilarawan sa pahayag tungkol sa pamilya. Kung iyon ang plano ng Panginoon, dapat iyon din ang plano natin! . . .

. . . Tumulong tayong itayo ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paninindigan nang buong tapang at pagiging mga tagapagtanggol ng kasal, pagiging magulang, at tahanan. Kailangan ng Panginoon na tayo ay maging matapang, matatag, at di-natitinag na mga mandirigma na magtatanggol sa Kanyang plano at ituturo sa darating na mga henerasyon ang Kanyang mga katotohanan. (Bonnie L. Oscarson, “Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag ukol sa Mag-anak,” *Liahona*, Mayo 2015, 15, 17)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_332-teacher_handout-1